# Balitang Manmin

BILANG 160 HULYO 17, 2016


# "Muling Sumigla ang Pananampalataya at Ministeryo Ko!"

## Bumisita sa Manmin ang mga Pilipinong Pastor



## Maligayang Pagtanggap ng Manmin Central Church



Noong Mayo 21, 2016, lumapag sa Incheon International Airport sa Korea ang mga pastor mula sa Pilipinas. Dinaluhan nila ang mga pagsamba at mga pulong-panalangin ng Manmin. Nilibot nila ang iglesya, tumanggap sila ng maraming pagpapala. Marami sa kanila ang gumaling mula sa mga karamdaman at tumanggap ng mga kasagutan sa mga panalangin dahil idinalangin sila ni Dr. Jaerock Lee (litrato 1, 2, at 7). Sumama sa Retreat sa Tag-init ng Manmin ang karamihan sa kanila noong taong 2015, nakaranas sila ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos (litrato 3, 4, 5, at 6).

Bumibisita sa Manmin Central Church ang maraming mananampalataya at pastor mula sa loob at labas ng Korea – nagmumula sila sa buong mundo. Noong Mayo 21, 2016, bumisita sa iglesya ang mga pastor na nagmula sa Pilipinas. Nanatili sila dito sa loob ng pitong araw.


Pinapakinggan nila ang mga sermon at binabasa ang mga libro ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dahil dito, naranasan nila ang pagbabago at mga biyaya sa buhay nila, hinangad nilang magkaroon ng mas malalim na kaalaman tungkol sa ministeryo ng Manmin.

Sa pagbisita nila, nakita nila nang personal si Dr. Lee, tinanggap nila ang pagpapala at panalangin niya. Dumalo din sila sa mga pagsamba at sa mga pulong-panalanging Daniel.

Nakita nila ang kamangha-manghang lugar kung saan ang mga isdang tubig-alat at mga isdang tubig-tabang ay nabubuhay nang magkasama sa Muan Sweet Water Aquarium. Lumibot sila sa GCN Broadcasting na nagbobrodkast sa 170 mga bansa (www.gcntv.org). Dumalo sila sa mga pulong sa Manmin Prayer Center at nagkaroon ng pagkakataon na makausap ang Presidente ng sentro na si Mrs. Boknim Lee.

◆

**Pastor Emmanuel Gonzales, 49 taong gulang, President of Makarios Pastors' Association in Laguna City**



"Pagkatapos kong mapakinggan ang mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee, mas maayos na ang pananalangin ko at lumago ang pananampalataya ko. Tumanggap din ako ng mga biyayang pinansyal. Naipaliwanag ng mga libro niyang *Heaven*, *Ang Sukat ng Pananampalataya,* at *Ang Mensahe ng Krus* ang mga mensaheng hindi ko naunawaan noon. Malaking tulong ito sa ministeryo ko. Gusto kong makiisa sa Manmin para dalhin ang mga libro niya at ang ebanghelyo ng kabanalan sa buong mundo, kabilang na ang China."

Itinuro ni Pastor Gonzales sa ibang mga pastor ang sermon ni Dr. Lee na "Ang Mensahe ng Krus." Sinabi niya, "Naranasan ko ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu habang naghahanda ako sa pagtuturo ng mensahe para sa mga pastor. Gustong-gusto nila ang mga pag-aaral."

◆

**Pastor Jelmar Fain, 47 taong gulang, Vice Bishop, Maranatha Churches' Association**



"Noong Mayo 22, habang idinadaos ang pagsamba sa Linggo ng gabi, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit. Pagkatapos ng panalangin, nawala ang pananakit ng leeg ko na isang buwan nang bumabagabag sa akin."

Kauna-unahang pagbisita pa lang niya, sinabi niya, "Nang makita ko si Dr. Lee sa personal, inisip kong parang katulad niya ang Panginoon. Nadama ko na may malapit na relasyon siya sa Diyos at palagi silang may komunikasyon. Namangha akong makita na magkasama sa iisang aquarium ang mga isdang tubig-dagat at tubig-tabang. Makikita dito ang kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos."

◆

**Pastor Medelino Trinidad, 54 taong gulang, International Full Gospel Church, Pilipinas**



Sinabi ni Pastor Medelino Trinidad, "Naipangaral ko na sa iglesya ko ang ebanghelyo ng kabanalan. Tumanggap ng maraming pagpapala at muling sumigla ang mga miyembro ko." Naalaala niya ang nadama niya noong dumalo siya sa retreat sa tag-init ng Manmin noong taong 2015.

"Unang pagkakataon kong naranasan na dapuan ng mga tutubi sa mga daliri at noo ko. Tulad noong nagpadala ng mana at pugo ang Diyos sa mga Israelita, nagpadala din ang Diyos ng pulutong ng mga tutubi sa lugar ng retreat para masiyahan ang mga miyembro. Dahil nangyari ito ayon sa idinalangin ni Dr. Jaerock Lee, natiyak kong tunay na lingkod siya ng Diyos."

◆

**Pastor Ellery Garvida, 48 taong gulang, Jesus Christ's International Gate of Blessing Church**



"Noong taong 2015, pagkatapos kong daluhan ang retreat sa tag-init ng Manmin, bumisita ako sa lugar kung saan naroon ang Muan Sweet Water. Dito naging tubig na pwedeng inumin ang tubig na nanggagaling sa dagat dahil sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee. Sa pagbisita ko, naglublob ako ng pitong beses sa Muan Sweet Water Pool. Gumaling ako mula sa diabetes na 12 taon ko nang karamdaman. Gumaling ang 8 taong gulang kong pamangkin na babae mula sa hika nang painumin ko siya ng Muan Sweet Water. Nasa ospital ang isang miyembro namin dahil sa dengue, gumaling siya at nakauwi mula sa ospital pagkatapos uminom ng Muan Sweet Water."

Pinatunayan ni Pastor Raymundo Candelaria na tumanggap ang mga miyembro ng kanyang iglesya ng maraming biyaya dahil sa ebanghelyo ng kabanalan (basahin ang patotoo niya sa pahina 4). Sinabi din ng iba pang mga pastor na nagbago ang mga buhay at ministeryo nila dahil sa Manmin, muling sumigla ang mga iglesya nila. Pasalamatan at luwalhatiin natin ang Diyos na namumuno sa Manmin sa pamamagitan ng salita ng buhay at makapangyarihang mga pagkilos.

# Ang Kaligtasan ng Sangkatauhan – Inihanda Bago Pa Magsimula ang Panahon



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4:12)

•••

Nakakilala na marahil kayo ng mga taong nagtataka kung bakit walang ibang pangalang binanggit na makapagliligtas sa atin kundi si Jesu-Cristo. May mga pumupuna o kumukwestyon dito. Pag-aralan natin kung bakit si Jesus lang ang tanging makapagliligtas sa atin.

## 1. Nakahanda na ang Kaligtasan ng Sangkatauhan Bago pa Magsimula ang Panahon

Hindi mapapahalagahan ng mga tao ang kaligayahan kung hindi pa nila nararanasan ang kalungkutan. Mapapahalagahan nila ang tunay na kaligayahan at magiging totoong mapagpasalamat sila kapag nagdusa sila sa kalungkutan at paghihirap. Para maintindihan ng mga tao ang puntong ito, naglagay ang Diyos ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, at binawalan si Adan na kumain mula dito. Binigyan din ng Diyos si Adan ng malayang kalooban, may sarili siyang desisyon. Sinuway ni Adan ang iniutos ng Diyos, kumain siya mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.

Maiintindihan natin kung paano naging makasalanan si Adan kung oobserbahan natin ang mga taong nalulugmok sa kasalanan at kasamaan ngayon. Halimbawa, ang isang batang palaging nananakit ng ibang bata ay hindi likas na ganito. Siyempre mayroon siyang kasamaan dahil sa minana niyang orihinal na kasalanan. Nakuha niya ang masamang ugali ng pananakit sa ibang bata. Nakita niya ang pananakit ng ibang tao sa kapwa, kaya ginawa din niya ito hanggang sa naging ugali na niyang manakit.

Sa malayang kalooban ni Adan, kumain siya mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, nagpatukso siya sa ahas. Ayon sa babala ng Diyos, "Tiyak na mamamatay ka," namatay ang espiritu ni Adan. Naputol ang kaugnayan niya sa Diyos at naging alipin siya ng kaaway na diyablo.

Nangyari ito ayon sa sinasabi ng Mga Taga-Roma 6:16, "Hindi ba ninyo nalalaman na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili bilang alipin sa pagsunod, kayo'y mga alipin niya na inyong sinusunod; maging ng kasalanan tungo sa kamatayan, o ng pagsunod tungo sa pagiging matuwid?" Noong panahong iyon, tinanggal kay Adan ang kapangyarihan at kaluwalhatiang ibinigay sa kanya bilang pinuno ng lahat ng nilalang at ibinigay sa kaaway na diyablo (Genesis 1:28; Lucas 4:6).

Magmula noon, habang lumilipas ang panahon, pasama nang pasama ang puso ng tao. Nagdadala ang kaaway na diyablo ng mga karamdaman, kahirapan, kalamidad, pagluha, dalamhati, at pagdurusa sa mga tao. Gusto niyang dalhin ang mga ito sa Impiyerno. Pero hindi sa pagbagsak ng tao sa Impiyerno nakatuon ang kalooban ng Diyos. Nais Niyang matuto ang tao, maalagaang mabuti, para maging karapat-dapat na makapasok sa Langit.

Dahil batid na ng Diyos na kakain si Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama magmula pa nang iplano Niya ang pangangalaga ng sangkatauhan, inihanda na Niya ang daan patungo sa kaligtasan ng makasalanang sangkatauhan. Ito ay si Jesu-Cristo. Pero nanatili itong lihim hanggang sa itinakda Niyang panahon.

## 2. Ang Daan Patungo sa Kaligtasan ng Sangkatauham at ang Batas ng Pagtubos ng Lupain

Paano maliligtas ang makasalanang sangkatauhan? Gumagawa at kumikilos ang Diyos ayon sa katarungan at pag-ibig Niya. Dahil ginagawa ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa limitasyon ng espirituwal na kautusan at kaayusan, ang pagpapatawad at kaligtasan ng mga makasalanan ay ayon din sa perpektong katarungan Niya.

Ayon sa espirituwal na kautusan na nagsasabi, "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," dapat may magbayad sa ating mga kasalanan para maligtas lahat tayong mga makasalanan. Ito ang dahilan kung bakit si Jesus na Anak ng Diyos, ay naging tao, dumating dito sa lupa, at namatay sa krus na kahoy para tubusin ang lahat ng tao mula sa kasalanan. Palaging itinatanong ng mga taong hindi naniniwala sa katotohanang ito, "Bakit sa pagtitiwala lang kay Jesu-Cristo tayo maliligtas?"

Sinasabi sa atin ng Biblia sa Ang Mga Gawa 4:12, "Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas," wala nang ibang maaaring maging Tagapagligtas kundi si Jesus, at walang maliligtas kung hindi Siya tatanggapin bilang personal nilang Tagapagligtas.

Kaya, bakit si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas natin? Ito'y dahil sa espirituwal na kautusan. Ang buong sangkatauhan ay nakatakdang mamatay dahil sa kasalanan ni Adan ayon sa espirituwal na kautusan, "Ang Kabayaran ng Kasalanan ay Kamatayan." Nang maging alipin ng kaaway na diyablo at Satanas ang lahat ng tao, ginamit ang espirituwal na kautusan na sinasabing, "Kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili bilang alipin sa pagsunod, kayo'y mga alipin niya na inyong sinusunod."

Saang bahagi ng espirituwal na kautusan makikita na maaaring tumanggap ng kapatawaran at maligtas ang makasalanang sangkatauhan? Makikita natin ang kasagutan nito sa "Ang Batas ng Pagtubos ng Lupain" sa Biblia.

Sinasabi ng Levitico 25:23-25, "Ang lupain ay hindi maipagbibili magpakailanman, sapagkat Akin ang lupain...Kayo ay magkakaloob ng pantubos sa lupain sa buong lupain na inyong pag-aari. Kung ang iyong kapatid ay naghirap, at ipinagbili ang bahagi ng kanyang mga pag-aari, ang kanyang pinakamalapit na kamag-anak ay darating at tutubusin ang ipinagbili ng kanyang kapatid." Ang batas na ito ay itinatag para sa usapin na may kinalaman sa lupain ng Israel at ginagamit din para sa tao, na nilalang mula sa alabok ng lupa.

Binahagi at ipinamigay ng Diyos sa bawat tribo at pamilya ng Israel ang lupain ng Canaan. Dahil ang buong lupain ay pag-aari pa rin ng Diyos, hindi ito pwedeng ipagbili ninuman. Kung naghirap ang may-ari ng lupa, at napilitan siyang ipagbili ang lupang pag-aari niya, bibilhin ito ng pinakamalapit na kamag-anak at ibabalik sa may-ari. Nakapaloob sa kautusang pagtubos ng lupain ang daan patungo sa kaligtasan ng makasalanang sangkatauhan. Ito ay sapagkat ang batas ng pagtubos ng lupain ay may kinalaman sa tao na hinubog mula sa alabok ng lupa.

Sa Genesis 3:19, sinabi ng Diyos kay Adan, "Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang ikaw ay bumalik sa lupa; sapagkat diyan ka kinuha. Ikaw ay alabok at sa alabok ka babalik." Sa Genesis 3:23, mababasa natin, "Kaya't pinalayas siya ng PANGINOONG Diyos sa Halamanan ng Eden upang kanyang bungkalin ang lupaing pinagkunan sa kanya."

May tuwirang relasyon ang batas ng pagtubos ng lupain sa paraan kung paano maibabalik sa Diyos ang tao, na hinubog mula sa lupa at naibigay sa kaaway na diyablo. Dahil pag-aari ng Diyos ang lupain, itinakda Niya ang pamumuno ni Adan dito, at hindi ito maaaring "ipagbili" ng permanente.

Ito ang kautusan na napagkasunduan ng Diyos at ng kaaway na diyablo noong magkasala si Adan at ibinigay sa kaaway na diyablo. Kaya kahit naging alipin si Adan ng kaaway na diyablo at napilitang bitawan ang lahat ng kapangyarihan niya, kung may darating na sasagot sa batas ng pagtubos ng lupain, dapat ibalik ng kaaway na diyablo kung ano ang 'ibinigay' sa kanya.

Dahil batid na ng Diyos na kakain si Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, inihanda Niya ang Tagapagligtas na sasagot sa hinihiling ng batas tungkol sa pagtubos ng lupain. Ito ay ang Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. Itutuloy natin ang pagtalakay dito sa susunod na isyu ng *Balitang Manmin.*

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, inihanda ng Diyos si Jesu-Cristo bago pa magsimula ang panahon at inililihim ito. Nang dumating ang itinakdang oras, dumating si Jesus dito sa lupa at nagkatawang tao. Tinupad Niya ang tungkulin Niya bilang Tagapagligtas. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magtiwala nawa kayo kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas, at ipahayag ang pananampalataya ninyo sa Kanya upang kayo ay maligtas.


### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin




## Dahil sa "Troso", Hinuhusgahan at Sinusukat Ninyo ang Ibang Tao

Ang 'paghatol' ay pagkilala kung ano ang tama at mali. Kapag humatol kayo, nagkakaroon kayo ng opinyon tungkol sa ibang tao, pero kadalasan, negatibo ito. Ang 'pagsukat' ay palagay o pag-akala tungkol sa isang bagay, totoo man ito o hindi. Iniisip ninyo na may ginawa ang isang tao ayon sa mga haka-haka ninyo pero wala namang pruweba o totoong kumpirmasyon.

Dapat malaman ng mga taong humuhusga at sumusukat na mayroon silang 'troso sa mga mata nila'. Kung mayroong malaking ugat ng kasalanan at kasamaan sa puso ang isang tao, kadalasan, ang mga pagkukulang ng ibang tao ang inihahayag niya.

May mga pagkakataong dapat din nating sabihin sa isang tao ang mga pagkukulang niya dahil minamahal natin siya. Pero, kung may troso tayo sa mga mata natin, maaaring masama ang motibo natin, sasaktan natin sila at baka matisod sila sa halip na matulungan silang itama ang pagkakamali nila.

Baka ni hindi ninyo batid na may troso kayo sa mata, ni hindi ninyo makita na mali ang ginawa ninyo. Kahit sabihin sa inyo ng ibang tao ang tungkol dito sa pamamagitan ng mga pagpapayo, iisipin ninyo na hindi ito para sa inyo. Iisipin ninyo, "Mahal ko ang Diyos, nabubuhay ako ayon sa Salita Niya. Nananampalataya ako." Pero kung mayroon kayong troso, malamang, sinara na ninyo ang pintuan ng puso ninyo. Hindi na ninyo matutuklasan ang mga pagkukulang ninyo, ipagpapatuloy ninyo ang paghusga at pagsukat sa ibang tao.

Kung may espirituwal na pag-ibig kayo, maaari ninyong mahalin kahit sino, walang masamang damdamin tulad ng galit, kahit may mga taong mayabang, pasikat, o masama. Kung wala kayong troso, makikita ninyo ang mabubuting katangian nila, mauunawaan ninyo sila dahil isasaalangalang ninyo ang sukat ng pananampalataya nila, at idadalangin ninyo sila nang may pag-aalala.

Kaya, tandaan natin na kung makakita tayo ng puwing ng ibang tao, indikasyon ito na mayroong troso sa mga mata ninyo na dapat ninyong alisin. Kapag naalis ninyo ito, magbubukas ang puso ninyo, makikita ninyo nang malinaw ang lahat ng bagay, makababatid kayo nang mabuti sa espiritu at katawan (Efeso 1:18-19).

## Ang Kahulugan ng 'Alisin ang Troso' ay tanggalin ang Ugat ng Makasalanang Likas

Kung tatanggalin ninyo ang malalaking ugat ng makasalanang likas mula sa puso ninyo, matatanggal din ang maliliit na ugat. Katulad ito ng ugat ng malaking puno, magkasamang mabubunot ang malalaki at maliliit na ugat. Pagtuunan ninyo ang pagtanggal ng ugat ng makasalanang likas na pinakamahirap tanggalin. Pagkatapos, sasabay na dito ang maliliit na ugat. Uulitin ko, ang kahulugan ng pag-alis ng troso mula sa mga mata ninyo ay pgtanggal ng malaking ugat ng makasalanang likas mula sa puso ninyo.

Halimbawa, kung tatanggalin ninyo ang malaking ugat ng 'galit' at papalitan ito ng pag-ibig, mawawala din ang makasalanang likas tulad ng selos o inggit. Hindi na ninyo aalalahanin pa kung kailan mawawala ang iba pang makasalanang likas sa puso ninyo. Kung tatanggalin ang trosong haligi sa isang gusali, magigiba ito. Ganito rin kabilis ang pagbabago at pagkamit ng pusong espirituwal kung tutuon kayo sa pagtanggal ng kasalanang likas na pinakamahirap tanggalin. Maging masigasig kayo sa pananalangin at pag-aayuno.

Kapag naalis na ninyo ang troso sa mata ninyo, hindi na ninyo hahatulan at huhusgahan ang ibang tao. Kung makita ninyo na may puwing sila, hindi ninyo ibabalita ang tungkol dito sa ibang tao. Makakapagpayo kayo nang may tunay na pag-ibig, maaantig ang damdamin nila, mababatid nila ang mga pagkukulang nila, at magbabago sila.

Mas maging masigasig kayo sa pagwaksi ng kasalanang likas na malalim ang ugat sa puso ninyo dahil paulit-ulit ninyong ginagawa ito. Tatanggalin ito ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu kung magsisikap kayo.

Isipin ninyo ang isang mangkok ng maitim at maduming tubig. Habang patuloy ninyong binubuhusan ito ng malinis na tubig, mapapalitan ito ng malinis na tubig. Parang ganito rin ang pagwawaksi ng makasalanang likas. Kung magpapatuloy kayo sa katotohanan at pag-ibig, matatanggal ang makasalanang likas, makakamit ninyo ang pusong espirituwal.

Kung bubuhusan ninyo ng marumi at malinis na tubig ang tubig na naging malinis, hindi magiging lubos na malinis ang tubig. Kaya, kung tatanggap kayo ng mga kasinungalingan habang iwinawaksi ang makasalanang likas mula sa puso ninyo, hindi ninyo maiwawaksi ito.

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 2:15, "Ngunit nauunawaan ng taong espirituwal ang lahat ng mga bagay, subalit hindi siya nauunawaan ng sinuman." Ang mga taong nagtanggal ng troso mula sa mga mata nila ay hindi magpapakita ng kasamaan sa ibang tao. Ginagamit nila ang Salita ng Diyos para mabatid ang lahat ng bagay, hindi sila nanghuhusga at nanghahatol ayon sa sarili nilang kaalaman at saloobin. Tama ang pagkilala nila, may kabutihan at pagmamahal. Nagdedesisyon sila ng tama, at walang humuhusga sa kanila.

Hinahatulan ng masasamang tao ang mga lingkod ng Diyos dahil may galit sila sa mga ito. Likas sa kanila ang kasamaang ito, wala itong kinalaman sa Diyos (Juan 3:20). Tanging Diyos lang ang pwedeng manghusga sa atin. Taga-sunod lang tayong mga nilalang Niya ng kautusan. Kaya, kung may masasamang taong magsasalita laban sa kautusan at huhusgahan ito, magtatayo sila ng pader ng kasalanan laban sa Diyos (Santiago 4:11).

# "Dahil sa Ebanghelyo ng Kabanalan, Tumanggap ng mga Biyaya ang mga Miyembro ng Aking Iglesya"

Pastor Raymundo Candelaria, 43 taong gulang, Golden Faith Church, Pilipinas



Labingsiyam na taon na akong nagpapastor. Pero sa loob ng nakaraang dalawang taon, naglalabanan sa damdamin ko ang Salita ng Diyos at mga bagay na inaakala kong tama kapag pinaglilingkuran ko ang mga miyembro ng iglesya. Noong Pebrero 2015, ibinalita sa akin ni Pastor Emmanuel Gonzales na magkakaroon ng isang malaking seminar, dinaluhan ko ito.

Inihatid ni Pastor Sharon Cho ng Cavite Manmin Church ang mga kilalang sermon ni Dr. Jaerock Lee na "Ang Mensahe ng Krus", "Lectures on Leviticus", at "Ang Sukat ng Pananampalataya." Napakaliwanag ng mensahe. Pagkatapos ng seminar, binasa ko ang libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus, Keep Watching and Praying,* at *Ang Sukat ng Pananampalataya.* Tanging sa Biblia lang kinuha ang nilalaman ng mga ito, naantig ang puso ko.

Ang pinakamahalaga dito ay ang kasagutan sa katanungang, "Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin?" Binigyang diin ng ebanghelyo ng kabanalan ang paglilinis ng puso sa pamamagitan ng pagwawaksi ng mga kasalanan at kasamaan. Itinuro nito sa akin kung paano ko isusulong ang pinagpalang buhay sa pagbibigay lugod sa Diyos at binigyan ako nito ng pag-asa sa buhay na walang hanggan sa Langit.

Noong Agosto 2015, nakibahagi ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin kasama ng iba pang mga pastor mula sa Pilipinas. Noong panahong iyon, may babala sa Korea tungkol sa matinding init ng panahon. Pero sa lugar ng pinagdadausan ng retreat, malamig at sariwa ang simoy ng hangin.

Nakaranas ako ng makalangit na pag-ihip ng hangin. Nakakita ako ng pulutong ng tutubi na lumilipad pababa, dumapo pa sa katawan ko ang ilan sa mga ito. Hinaplos ang damdamin ko ng mga miyembro ng iglesya mula sa loob at labas ng Korea, nagkakaisa sila, may pagmamahalan, at naglilingkod sa isa't isa, may pagpapakumbaba.

Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos na nagdala sa akin sa Manmin Central Church. Pagbalik ko sa Pilipinas, naganap ang malaking pagbabago sa akin at sa iglesya ko. Nagbago ang pananalangin ko, at dahil naunawaan ko na kung paano magpapalakas ng espiritu sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sinikap kong sundin ang kalooban ng Diyos.

Mas malakas na ang loob ko sa pagbabahagi ng ebanghelyo ng kabanalan. Maraming miyembro ng iglesya ang tumanggap ng malaking pagpapala, sumigla ang buhay nila bilang mga Cristiano. Magmula noon, tumatamasa sila ng maraming pagpapala sa buhay. Kapag nakikita kong masasaya sila, nasisiyahan din ako.

At noong Mayo 2016, bumisita ako sa Manmin Central Church kasama ang ibang pastor na Pilipino. Naantig ang damdamin ko ng kwento ng buhay ni Pastor Dr. Lee. Palagi siyang nananalangin, naglilingkod sa mga miyembro ng iglesya nang may buhay, pagmamahal, at sakripisyo. At ibinibigay niya ang lahat ng luwalhati sa Diyos, mapagpakumbaba siya.

Dumalo ako sa mga pagsamba, pulong-panalanging Daniel, at pati sa mga pagpupulong ng Manmin Prayer Center. Bumisita din ako sa Muan Sweet Water Aquarium kung saan magkahalong nabubuhay ang isdang tubig-dagat at isdang tabang. Kasama ko ang asawa ko, damang-dama niya ang presensya ng Diyos sa pulong-panalanging Daniel. Parang nasa kandungan ng Diyos ang pakiramdam niya. Sinabi niya na napaiyak siya habang nananalangin siyang puspos ng Banal na Espiritu at nakikinig ng mga papuring Manmin.

Gusto kong gayahin ang magandang ehemplong ito na ipinapakita ng Manmin Central Church. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos na nagpakilala sa akin ng tunay na guro sa panahong malapit nang magtapos, na niloob na marinig ko ang ebanghelyo ng kabanalan, maranasan ang mga makapangyarihang pagkilos, at mabuhay para sa mga kaluluwa.

# "Umasa Ako sa Diyos, Tinulungan Niya Akong Magtagumpay!"

Kapatid na Hyunkyu Kim, 19 taong gulang, paaralang pang-Linggo para sa mga estudyante, Manmin Central Church



Noong ipinagbubuntis ako ng nanay ko, nagrehistro siya sa Manmin Central Church. Lumaki akong nakakakilala sa Panginoon. Noong nasa ika-8 baitang ako, nag-aral akong mag-fencing. Sa simula, gustong-gusto kong matuto, pero dahil hanggang gabi pagkatapos ng pasok sa eskwela ang pageensayo, napagod ako, gusto kong sumuko. Pero dahil pinaglabanan ko ang pagod ko, naging mahusay ako. Nagbigay ito ng malaking kagalakan sa akin.

Noong taong 2016, nasa ika-12 baitang na ako, dapat na akong tumuon sa pagsusulit para makapasok ako sa kolehiyo. Gusto kong makapag-aral sa Korea National Sport University. Para makapasok ako dito, dapat kong ipakita ang husay ko sa labanan o kampeonato ng fencing. Sa mga narinig kong hindi mabilang na patotoo, batid kong nakamit ng mga miyembro ng iglesya ang minimithi nila dahil sa pananampalataya. Kaya umasa at nanampalataya ako sa Diyos.

Inisip ko noon na wala akong panahon sa pananalangin dahil nag-aaral at nageensayo ako. Pero natanto ko na batid ng Diyos ng pag-ibig ang laman ng puso ko at ang kalagayan ko. Magmula noon, nanalangin na ako bago matulog, at kahit nasaang lugar ako.

Noong Marso 2016, nagkaroon ng tagisan ng husay sa fencing, kauna-unahan ito para sa taong ito. Binansagan itong, "The 45th Korean Fencing Federation President National Fencing Championship." Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System habang nagsasanay at habang lumalaban. Napanalunan ko ang gintong medalya! Masayang-masaya ako, nagkaroon ako ng tapang at lakas ng loob.

Noong buwan ng Abril, idinaos ang ika-10 Korea Junior Fencing Federation Championship. Inisip kong ulitin ang mga ginawa ko noong nakaraang kampeonato. Bago magsimula ang labanan, biglang sinabi ng 'coach' na iwanan ang cellphone sa kanya. Hindi ko na pwedeng pakinggan ang naka-record na panalangin ng Punong Pastor. Inisip kong manghiram na lang ng cellphone para tanggapin ang panalangin. Pero hindi ko rin itinuloy, tutal naman, napanalunan ko ang gintong medalya sa naunang laban. Nagsimula ang laban, nabigo ako sa round 32. Pinag-isipan ko ang dahilan, natanto ko na umasa ako sa sarili kong lakas at hindi sa Diyos. Nalungkot ako pero nagpasalamat pa rin dahil natanto ko ang dahilan ng kabiguan ko.

Noong Mayo 7, idinaos ang National Fencing Championship. Ito ang panghuling labanan na may malaking kinalaman sa pagpasok ko sa kolehiyo. Ayokong mabigo at malungkot pagkatapos ng laban tulad ng nangyari noong nakaraang Abril. Gusto kong lubos na umasa sa Diyos. Kinaumagahan, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa araw na iyon. Buong araw kong pinakinggan nang paulit-ulit ang panalangin niya, pagkatapos, lumaban na ako. Maayos ang lahat habang lumalaban ako. Napakabuti at magaan ng pakiramdam ko. May nagbibigay sa akin ng lakas, nakatuon ako sa buong laban.

Napanalunan ko ang gintong medalya sa 'sabre individual match' para sa mga estudyanteng kalalakihan sa high school at napanalunan ko ang medalyang pilak sa labanan ng koponan. Hallelujah! Pinapasalamatan at niluluwalhati ko ang Diyos. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.



Kapatid Hyunkyu Kim (kanan)

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714